

# Minami no Kaze

南の風は多文化共生

Vol.45  
Mar.2022

## Minami Lounge Information Impormasyon sa Pagturok ng Bakuna ng COVID-19

Pangatlong COVID-19 pagtuturok ng bakuna ay nagsimula na. Maari ka ng magpareserba pagdating ng inyong voucher.



### Pangatlong Vaccination Shipping Schedule Petsa Feb.16 Matatanda (65 ang idad pataas)

Pangalawang Pagbabakuna Petsa (2021)	Eschedul ng Pagpapadala ng Vaccination Vouchers (2022)	Target (katao)
7/17~8/24	2/21	Halos 302,000
8/25~9/6	2/25	Halos 11,000
9/7~9/13	3/7	Halos 4,000
9/14~9/20	3/14	Halos 3,000
9/21~9/27	3/22	Halos 3,000
9/28~10/3	3/28	Halos 3,000

### Pangkalahatan (Mababa sa 64 years old)

Pangalawang Pagbabakuna Petsa (2021)	Eschedul ng Pagpapadala ng Vaccination Vouchers (2022)	Target (katao)
7/14~8/3	2/25	Halos 210,000
8/4~8/12	2/28	Halos 203,000
8/13~8/27	3/7	Halos 267,000
8/28~9/20	3/14	Halos 377,000
9/21~9/27	3/22	Halos 129,000
9/28~10/3	3/28	Halos 122,000

※Maari mong i-check ang petsa ng pangalawang vaccination sa papel na nakadikit sa vaccination voucher ng una at pangalawang shot.  
 ※Maaaring umabot ng lingo bago mo makuha ang vaccination voucher. Kung hindi mo matanggap ang vaccination voucher isang lingo pagkatapos ng naka eschedul na pagdating, mangyaring tumawag sa Yokohama COVID-19 Vaccination Call Center.  
 ※Ipinadala na ang vaccination vouchers sa mga matatanda (idad 65 pataas) na nakatanggap na ng 2<sup>nd</sup> shot bago July 16, 2021 at ang pangkalahatan (idad 64 pababa) na nakatanggap na ng 2<sup>nd</sup> shot bago July 13, 2021.  
 ※Simula Abril, 2022 ipapadala ang voucher sa mga taong nakatanggap na ng 2<sup>nd</sup> shot at 6 na buwan na ang nakalilipas.

Reference: Yokohama city COVID-19 Vaccination NEWS No.11 (Published Feb.16, 2022)

**Maaaring magkaroon ng pagbabago sa pagpapadala ng 3<sup>rd</sup> vaccination voucher. Mangyaring i-check ang Yokohama City website para sa pinakabagong Impormasyon.**

### Impormasyon sa COVID-19

#### <Website Information>

★Information Center sa mga Banyagang Residente ng YOKOHAMA  
Impormasyon tungkol sa Coronavirus Disease

<https://yoko-covid19.com>



★Tungkol sa bagong coronavirus (COVID-19) (Kanagawa Pref.)

<https://www.pref.kanagawa.jp/docs/ga4/covid19/index.html>

\*Mayroong site sa iba't-ibang lengua.



#### <Kunsulta sa telepono>

★Kunsultasyon tungkol sa COVID-19 Vaccination Shots

Magtanong sa (Yokohama COVID-19 Vaccine Call Center):

Tel. 0120-045-070 Araw-araw 9:00~19:00

(Mga Lenguahi: English · Chinese · Korean · Vietnamese · Nepali · Portuguese · Spanish · Japanese)

★Mga Katanungan na may kinalaman sa

COVID-19 : K.P.G. COVID-19 Infection Counseling magdial sa : 0570-056774

Merong 15 lengua (English, Chinese, Korean, Vietnamese, Nepali, Tagalog, Thai, etc.)

- ① Making sa Japanese guidance at pindutin ang buton para piliin ang numerong tugma sa inyong katanungan.
- ② Japanese staff ang sasagot. Sabihin ang gustong lengua, magiging tatlo katao kayo kasama ang interpreter.

① Para sa may mga sintomas katulad ng lagnat at ubo at nag-aalala tungkol sa COVID-19, mga katanungan tungkol sa kalusugan, medical, impormasyon tungkol sa mga hospital.



② Kunsultasyon tungkol sa "Request to Shorten Business Hours in Advance". Kunsultasyon sa Sistema ng certification ng "Mask Eating and Drinking Store".



③ Kunsultasyon sa Business o Pangangalakal.



④ Tungkol sa "LINE COVID-19 Notification System".



# Galing Minami Lounge

## 👉 Pangunahing Impormasyon sa National Health Insurance (Kokumin Kenko Hoken) “National Health Insurance” ay isang social security, paghahanda sa pagkakasakit at sakuna



- Lahat ay may karapatan na magpagamot sa hospital.
- National Health Insurance ay isang Sistema para magkatulungan ang isa't-isa sakaling may magkasakit o sakunang dumating.
- Lahat ng may “Status of Residence” at nakarehistro bilang residente ay kailangan mag-apply para sa health insurance. May “obligasyon” din sila na magbayad ng insurance fee.
- Ang walang health insurance card galing kumpanya ay kailangan mag apply ng National Health Insurance Card.



### Paano mag-apply ng National Health Insurance (Kokumin Kenko Hoken)

○Mag-apply sa inyong Ward Office (City Hall). Kailangan ang personal na pag-aapply.

○**Kung hindi man kaagad makapag-apply ng National Health Insurance, dadating ang pinagsama-samang bayarin at kailangan mo pa din bayaran.**

- Sa inyong pagpasok sa Japan → Pumunta sa City Hall at magparehistro bilang residente. Sunod pumunta sa Insurance Department.
- Kapag umalis ka sa inyong kumpanya → Pumunta sa City Hall, Insurance Department dala ang inyong Health Insurance Disqualification Certificate (Makukuha mo ito sa inyong dating Kumpanya).
- Kung lilipat ka sa Yokohama City → Pumunta sa City Hall magparehistro muna bilang residente. Pagkatapos Pumunta sa Insurance Department.

### Kapag gusto mo ng huminto sa National Health Insurance

○Kailangan mong pumunta sa City Hall. Kailangan gawin ng personal ang Proseso.

• Kapag natanggap mo ang Insurance Card galing sa kumpanya → Dalhin ang inyong bagong Health Insurance Card<sup>※</sup> at ang inyong lumang National Insurance Card<sup>※</sup> sa City Hall, Insurance Department.

<sup>※</sup>Insurance Cards ng lahat ng miyembro na aalis ay kailangan.

Ang National Health Insurance Card ay hindi maaaring mag-apply at huminto basi sa inyong kagustuhan lamang !

● “Mag-apply ako dahil meron akong sakit” ay hindi papayagan.

● “Hihinto ako dahil mahal ang bayad” ay hindi papayagan.

Kailangan mong bayaran ang inyong Insurance Fee para makapunta ka ng hospital ng walang masyadong alalahanin sa bayarin kung ikaw ay magkakasakit.



## Patalastas galing Minami Lounge

“MINAMI NO KAZE” Tagalog bersyon at Thai bersyon ay makukuha sa Minami Lounge HP.

“Minami no Kaze”  
Tagalog Bersyon



“Minami no Kaze”  
Thai Bersyon



Mayroong Kunsultasyon hinggil sa pang araw-araw na pamumuhay sa iba't-ibang lenguahe sa Minami Lounge

### ① Impormasyon at pagpapayo hinggil sa pang araw-araw na pamumuhay (walang bayad)

Office hours: Monday-Sunday 9:00~17:00 (Closed; 3<sup>rd</sup> Mondays, 29Dec.~3Jan.)

Telephone : (Japanese) 045-232-9544 (Foreign Language) 045-242-0888.

\*Tignan sa baba para sa mga lenguahe at araw



Minami Lounge URL  
<https://tabunka.minamilounge.com>

### 【Mga Lenguahe at Araw】

Monday	Tuesday	Wednesday	Thursday	Friday	Saturday	Sunday
Chinese	Chinese	Chinese English	Chinese Thai	Chinese Tagalog	Chinese	Chinese

### ② Libring konsultasyon tungkol sa batas (2<sup>nd</sup> Thurs), visa (3<sup>rd</sup> Thurs) at edukasyon (4<sup>th</sup> Thurs)

<sup>※</sup> 13:30~, 14:30~ (Appointment ay kailangan. Tel.045-242-0888)

★Ang Minami Lounge ay pinatatakbo ng YOKE sa tulong ng Minami Ward Office